


Pangalan: ______________________________________________

# LEARNING ACTIVITY SHEET

## FILIPINO 1

## IKATLONG MARKAHAN

**PANUTO: Basahin at unawain ang bawat tanong. Isulat ang tamang sagot.**

*1.* Ano ang wastong baybay ng  ?

A. gittara B. gitara C. gitarra

2.  :__________;  : aso

A. pamaypay B. paypay C. pahangin

3. Ben : panlalaki ; Elsa : ________
   A. walang kasarian
   B. di-tiyak
   C. pambabae

4. bato :______; bata: di-tiyak
   A. di-tiyak
   B. panlalaki
   C. walang kasarian

5. ate : pambabae; matanda :_________
   A. di-tiyak B. pambabae C. walang kasarian

6. **<u>Si nanay at ako</u>** ay pupunta sa palengke._____ay mamimili.
   A. Sila B. Kami C. Ako

LIVEWORKSHEETS

7. **Si ate at si kuya** ay inutusan ni nanay.__ay maglilinis ng bahay.

A. Sila B. Tayo C. Siya

8. **Si Lisa** ay maganda._ay aking kaibigan.

A. Ikaw B. Siya C. Kami

9. **Cassy C. Reyes ang pangalan ko**._ay nasa unang baitang.

A. Sila B. Tayo C. Ako

10. **Ikaw, si tatay at si kuya** ang magtatanim ng halaman. _______ ay maghanap na ng magagandang paso.

A. Kayo B. Siya C. Ako

*11.* Alin sa sumusunod ang halimbawa ng salita*?*

A. mga bata B. ang bahay C. bahay

*12.* Alin sa sumusunod ang halimbawa ng pangungusap*?*

A. Ang mga bata ay naglalaro sa loob ng bahay.

B. ang mga bata

C. sa loob ng bahay

*13.* Ano ang makikita sa larawan*?*



A. maliit na tulay

B. mahabang tulay

C. maikling tulay

*14.* Ano ang makikita sa larawan*?*



A. mga face mask

B. mga face shield

C. mga gloves



LIVEWORKSHEETS

*15.* Ano ang ipinapakita sa larawan?



A. pagpapainom ng gamot
B. pagpapabakuna
C. pagpapkonsulta

16. pala : palay ; baga : __
A. bagay  B. bataw  C. balak

17. bakat :_; palad : pala
A. bata  B. bago  C. baka

18. daga : dagat ; dami : ___
A. damit  B. damin  C. damil

19. sagot :__; sapat : sapa
A. sagi  B. sago  C. saga

*20.* Ano ang ibig sabihin ng babala?




A. Bawal Pumarada
B. Bawal Pumasok
C. Bawal Pumara

21. Ano ang ipinapahiwatig ng babala.



A. Tamang Tawiran
B. Tamang Palaruan
C. Tamang Kalsada

*22.* Ano ang ibig sabihin ng babala?



A. Bawal Magbigay ng Bulaklak
B. Bawal Pumitas ng Bulaklak
C. Bawal ang Bulaklak



LIVEWORKSHEETS

23. Ano ang pinapakita ng babala?



A. Bawal Magkalat
B. Bawal Humawak
C. Bawal Kumuha

**Para sa bilang 24-30. Basahin ang Kuwento at sagutin ang mga katanungan.**

**Ang Alagang Loro ni Pepe**

"Pepe, pakisara mo ang pinto ng hawla pagkatapos mong pakainin ang loro", paalala ni Inay kay Pepe.

"Sandali lang po, Inay", sagot ni Pepe habang nilalaro ang kanyang bisikleta.

Walang ano-ano'y biglang narinig ni Pepe ang malakas na lagapak. Tumakbo siya sa bintana at nakita niyang ang loro ay tinangay na ng maitim at malaking pusa.

Nanghinayang si Pepe. Sanay sinunod niya kaagad ang kanyang ina.

24. Alin sa sumusunod ang panghuling pangyayari sa kuwento?
A. Masaya si Pepe sa paglalaro ng bisikleta.
B. Tinangay ng maitim at malaking pusa ang loro.
C. Nagsisi si Pepe sa nangyari sa kanilang alagang loro.

25. Ano ang paglalarawang ginamit sa pusang tumangay saloro?
A. maitim at malaki
B. maputi at maamo
C. maitim at mabait



LIVEWORKSHEETS

26. Ano ang ang naramdaman ni Pepe sa nangyari sa kanilangloro?

A. masaya B. nagagalit C. nanghihinayang

27. Sa iyong palagay kung sinunod kaagad ni Pepe ang utos ninanay, ano kaya ang mangyayari?

A. Hindi matatangay ng pusa ang alagang loro.
B. Hindi matatangay ng aso ang alagang loro.
C. Hindi makakawala sa hawla ang loro.

28. Kayo ba ay nagkaroon na ng karanasang katulad sa kuwentong napakinggan?

A. Wala pa po.
B. Hindi ako sigurado
C. Opo, may karanasan po.

29. Ano ang magandang aral na iyong natutuhan sa kuwento?

A. Hindi pagsunod sa inuutos ng magulang.
B. Hindi makikinig sa inuutos ng magulang.
C. Makikinig agad sa utos ng magulang.

30. Sa kuwentong napakinggan, anong pag-uugali ang dapat namayroon si Pepe?

A. malambing
B. masunurin
C. maalalahani



LIVEWORKSHEETS